

SI ANSELM TORMEEDA, PARI AT KRISTIYANONG ISKOLAR, SPAIN

Marka:

Paglalarawan?: Ang isang mapagkakatiwalaang mag-aaral ng isang kilalang iskolar na Kristiyano sa dating Andalusia ay nakarinig ng talakayan tungkol sa Paraclete, isang propetang darating na binanggit sa bibliya.

Kategorya:

[Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Pare at mga Relihiyosong Personalidad](#).

Ni: Anselm Tormeeda

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 31 Jul 2006

Napakaraming bilang ng mga Kristiyano ang yumakap sa Islam sa panahon at sa lalong madaling panahon matapos ang mga pananakop sa Islam pagkaraan ng pagkamatay ng propeta. Hindi sila pinilit, sa halip ito ay pagkilala sa kung ano ang kanilang inaasahan. Si Anselm Tormeeda^[1], isang pari at Kristiyanong Iskolar, ay isa sa gayong tao na may kaugnayan sa kasaysayan. Isinulat niya ang librong tinawag na "*The Gift to the Intelligent for Refuting the Arguments of the Christians*"^[2]. Sa panimula ^[3]sa gawaing ito isinalaysay niya ang kanyang kasaysayan:

"Ipinaalam sa inyong lahat na ang aking pinagmulan ay mula sa lungsod ng Majorca, na kung saan ito ay isang magandang lungsod sa dagat sa pagitan ng dalawang bundok at hinati ng isang maliit na lambak. Ito ay isang komersyal na lungsod, na may dalawang kamangha-manghang mga daungan. Dumating ang mga malalaking barkong mangangalakal na naka angkla sa daungan na karga ang iba't ibang mga kalakal. Ang lungsod ay nasa isla na may parehong pangalan - Majorca, at ang karamihan sa lupain nito ay napalaligiran ng mga puno ng igos at oliba. Ang aking ama ay isang mahusay at iginagalang na tao sa lungsod. Nag-iisa lang akong anak niya.

Noong anim na taon na ako, ipinadala niya ako sa isang pari na nagturo sa akin na basahin ang Ebanghelyo at lohika, na natapos ko ng anim na taon. Pagkatapos nito ay iniwan ko ang Majorca at naglakbay patungo sa lungsod ng Larda, sa rehiyon ng Castillion, na siyang sentro ng pag-aaral para sa mga Kristiyano sa rehiyon na iyon. libu-libo at kalahating Kristiyanong estudyante ang nagtipon roon. Ang lahat ay nasa ilalim ng pamamahala ng pari na nagtuturo sa kanila. Nag-aral ako ng Ebanghelyo at ang wika nito sa loob ng isa pang apat na taon. Pagkatapos nito umalis ako sa Bologne sa rehiyon ng Anbardia. Ang Bologne ay isang napakalaking lungsod, ito ang sentro ng pag-aaral para sa lahat ng mga tao sa rehiyon. Bawat taon, higit sa dalawang libong mga mag-aaral ang nagtitipon mula sa iba't ibang mga lugar. Tinatakpan nila ang kanilang sarili ng magaspang na tela na tinawag nilang "*Hue of God o kulay ng Diyos*." Lahat sila, maging anak ng isang manggagawa o anak ng isang pinuno, nagsusuot ng pambalot na ito, upang gawin ang mga mag-aaral na naiiba mula sa iba.

Tanging ang pari ang nagtuturo, kumokontrol at namumuno sa kanila. Nanirahan ako sa simbahan kasama ang isang may edad na pari. Siya ay lubos na iginagalang ng mga tao dahil sa kanyang kaalaman at pagiging relihiyoso at mahigpit na pagpepenitensya, kung saan namumukod siya mula sa ibang mga paring Kristiyano. Ang mga tanong at kahilingan para sa payo ay nagmumula sa lahat ng dako, mula sa mga Hari at pinuno, kasama ang mga regalo. Inaasahan nilang tatanggapin niya ang kanilang mga regalo at bibigyan sila ng kanyang mga pagpapala. Itinuro sa akin ng pari na ito ang mga alituntunin ng Kristiyanismo at mga pagpapasya nito. Napalapit ako sa kanya sa pamamagitan ng paglilingkod at pagtulong sa kanya sa kanyang mga tungkulin hanggang sa ako ay naging isa sa kanyang pinaka mapagkakatiwalaang katulong, kaya't pinagkatiwalaan niya ako sa mga susi ng kanyang tahanan sa simbahan at ng mga tindahan ng pagkain at inumin. Itinago niya para sa kanyang sarili lamang ang susi ng isang maliit na silid kung saan siya natutulog. Sa palagay ko, at higit na alam ng Diyos, na pinananatili niya roon ang kanyang inaalagaang kayamanan. Ako ay isang mag-aaral at tagapaglingkod sa loob ng sampung taon, pagkatapos siya ay nagkasakit at nabigo na dumalo sa mga pagpupulong ng mga kapwa niya pari.

Sa kanyang kawalan, tinalakay ng mga pari ang ilang mga bagay sa relihiyon, hanggang sa dumating sila sa sinabi ng Makapangyarihang Diyos sa pamamagitan ng kanyang propetang si Hesus sa Ebanghelyo: "Pagkatapos niya ay darating ang isang Propeta na tinawag na Paraclete." Nagtalo sila tungkol sa Propeta at kung sino siya sa mga Propeta. Ang bawat tao'y nagbigay ng kanyang opinyon ayon sa kanyang kaalaman at pang-unawa; at natapos sila nang walang nakamit na anumang pakinabang sa isyung iyon. Nagpunta ako sa aking pari, at tulad ng dati ay tinanong niya ang tungkol sa napag-usapan sa pulong sa araw na iyon. Nabanggit ko sa kanya ang iba't ibang mga opinyon ng mga pari tungkol sa pangalang Paraclete, at kung paano nila natapos ang pagpupulong nang hindi nilinaw ang kahulugan nito. Tinanong niya ako: "Ano ang iyong sagot?" Ibinigay ko ang aking opinyon na nakuha mula sa pagpapakahulugan ng isang kilalang exegesis. Sinabi niya na halos tama ako tulad ng ilang mga pari, at ang iba pang mga pari ay mali. Ngunit ang katotohanan ay naiiba sa lahat ng iyon. Ito ay dahil ang interpretasyon ng marangal na pangalan ay kilala lamang sa isang maliit na bilang ng mga bihasang mga iskolar. At mayroon kaming kaunting kaalaman. "Yumuko ako at hinalikan ang kanyang mga paa, na nagsasabing: "Ginoo, alam mo na naglakbay ako at dumating sa iyo mula sa malayong malayong bansa, naglingkod ako sa iyo ng higit sa sampung taon; at nakamit ang kaalaman na lampas sa pagtatantya, kaya't pakisuyo sa akin at sabihin sa akin ang katotohanan tungkol sa pangalang ito." Umiyak ang pari at sinabi: "Anak ko, sa pamamagitan ng Diyos, mahal na mahal mo ako sa paglilingkod sa akin at paglalaan ng iyong sarili sa aking pangangalaga. Alamin ang katotohanan tungkol sa pangalang ito, at mayroong malaking pakinabang, ngunit mayroon ding malaking panganib. At natatakot ako na kapag malaman mo ang katotohanan na ito, at matuklasan iyon ng mga Kristiyano, ikaw ay mapapatay." Sinabi ko: "Sa pamamagitan ng Diyos, sa pamamagitan ng Ebanghelyo at Siya na isinugo kasama nito, hindi ko kailanman sasabihin ang anumang salita tungkol sa sasabihin mo sa akin, itatago ko ito sa aking puso." Sinabi niya: "Anak ko, nang dumating ka mula sa iyong bansa, tinanong kita kung malapit ito sa mga Muslim, at kung gumawa sila ng mga pagsalakay laban sa iyo at kung gumawa ka ng mga pagsalakay laban sa kanila. Ito ay upang masubukan ang iyong poot sa Islam. Alamin, anak ko, na ang Paraclete ay ang pangalan ng kanilang Propeta Muhammad, na kung saan ay ipinahayag sa ika-apat na aklat tulad ng binanggit ni Daniel. Ang kanyang paraan

ay ang malinaw na paraan na nabanggit sa Ebanghelyo."Sinabi ko: "Kung gayon ginoo, ano ang masasabi mo tungkol sa relihiyon ng mga Kristiyanong ito?"Sinabi niya: "Anak ko, kung ang mga Kristiyanong ito ay nanatili sa orihinal na relihiyon ni Hesus, kung gayon sila ay nasa relihiyon ng Diyos, dahil ang relihiyon ni Hesus at lahat ng iba pang mga Propeta ay ang tunay na relihiyon ng Diyos. Ngunit binago nila ito at naging mga hindi naniniwala."Tinanong ko siya: "Kung gayon, ginoo, ano ang kaligtasan mula rito?" Sinabi niya "Oh anak ko, ang pagyakap sa Islam."Tinanong ko siya: "Maliligtas ba ang taong yumakap sa Islam?" Sumagot siya: "Oo, sa mundong ito at sa susunod." Sinabi ko: "Ang mabait ay pumipili para sa kanyang sarili; kung alam mo, ginoo ang merito ng Islam, kung gayon ano ang pumipigil sayo mula rito?"Sumagot siya: "Anak ko, ang Makapangyarihang Diyos ay hindi inilantad sa akin ang katotohanan ng Islam at ang Propeta ng Islam hanggang sa matapos akong tumanda at ang aking katawan ay humina. Oo, walang dahilan para sa amin, sa kabaligtaran, ang patunay ng Diyos ay itinatag laban sa amin. Kung pinatnubayan ako ng Diyos dito noong kasing edad kita, iiwan ko na ang lahat at sinunod ang relihiyon ng katotohanan.Ang pag-ibig sa mundong ito ang diwa ng bawat kasalanan, at tingnan kung paano ako pinapahalagahan, pinarangalan at nirespeto ng mga Kristiyano, at kung paano ako nabubuhay sa pagmamalaki at ginhawa!Sa aking kaso, kung magpapakita ako ng kaunting hilig sa Islam ay papatayin nila ako agad.Ipagpalagay na ako ay naligtas mula sa kanila at nagtagumpay sa pagtakas papunta sa mga Muslim, sasabihin nila, huwag mong ibilang ang iyong Islam bilang isang pabor sa amin, sapagkat ikaw ay nakinabang lamang sa iyong sarili sa pamamagitan ng pagpasok sa relihiyon ng katotohanan, ang relihiyon na ililigtas ka mula sa kaparusahan ng Diyos!Kaya't mabubuhay ako sa gitna nila bilang isang mahirap na matandang lalaki na higit sa siyamnapung taon, nang hindi alam ang kanilang wika, at mamamatay ako kasama nilang nagugutom.Ako, at ang lahat ng papuri ay dahil sa Diyos, sa relihiyon ni Cristo at sa kung saan siya sumama, at alam ng Diyos na mula sa akin. " Kaya tinanong ko siya: "Pinapayuhan mo ba akong pumunta sa bansa ng mga Muslim at magpatibay sa kanilang relihiyon?"Sinabi niya sa akin: "Kung ikaw ay matalino at umaasa na iligtas ang iyong sarili, pagkatapos ay makipag-unahan sa kung ano ang makakamit sa buhay na ito at sa susunod.Ngunit anak ko, walang ibang naririto ang nakakaalam tungkol sa bagay na ito; nasa pagitan lamang natin ito.Magsikap at itago ito.Kung ito ay maisisiwalat at malaman ng mga tao ang tungkol dito ay papatayin ka nila agad. Wala akong pakinabang sa iyo laban sa kanila. Hindi rin ito magagamit para sa iyo kung sasabihin mo sa kanila ang narinig mo mula sa akin tungkol sa Islam, o hinikayat kita na maging isang Muslim, sapagkat itatanggi ko ito. magtitiwala sila sa aking pagpapatotoo laban sa iyo. Kaya huwag sabihin ang isang salita, kahit anong mangyari." Nangako ako sa kanya na hindi ko gagawin iyon.

Nasiyahan at kontento siya sa aking pangako. Nagsimula akong maghanda para sa aking paglalakbay at nagpaalam sa kanya. Ipinagdasal niya ako at binigyan ng limampung gintong dinar^[4]. Pagkatapos ay sumakay ako sa barko papunta sa aking lungsod, ang Majorca kung saan nanirahan ako kasama ang aking magulang ng anim na buwan. Pagkatapos ay nagpunta ako sa Sicily at nanatili doon ng limang buwan, habang naghihintay ako ng barkong patungo sa lupain ng mga Muslim. At sa wakas may dumating na barko patungo sa Tunis. Umalis kami bago lumubog ang araw at nakarating sa daungan ng Tunis sa tanghali sa ikalawang araw. Nang makababa ako sa barko, Ang mga Kristiyanong iskolar na narinig ang aking pagdating ay dumating upang batiin ako at nanatili ako sa kanila sa loob ng apat na buwan nang madali at

maginhawa. Pagkatapos, tinanong ko sila kung mayroong tagasalin. Ang Sultan sa mga araw na iyon ay si Abu al-Abbas Ahmed. Sinabi nila na mayroong isang mabuting tao, ang doktor ng Sultan, na isa sa kanyang pinakamalapit na tagapayo. Ang kanyang pangalan ay Yusuf al-Tabeeb. Labis akong nasiyahan dito, at tinanong kung saan siya nakatira. Dinala nila ako doon upang magkita kaming dalawa. Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa aking kwento at ang dahilan ng aking pagpunta doon; na yakapin ang Islam. Labis siyang nalulugod dahil ang bagay na ito ay makukumpleto sa pamamagitan ng kanyang tulong. Nagtungo kami sa Palasyo ng Sultan. Nagkita sila ng Sultan at sinabi sa kanya ang tungkol sa aking kwento at humingi ng pahintulot para sa akin na makilala siya. Tinaggap ito ng Sultan, at aking ipinakilala ang aking sarili sa kanya. Unang tinanong ng Sultan ang aking edad. Sinabi ko sa kanya na ako ay tatlumpo't taong gulang. Pagkatapos ay tinanong niya ang tungkol sa aking pag-aaral at mga agham na aking pinag-aralan. Matapos kong sabihin sa kanya sinabi niya. "Ang iyong pagdating ay isang kabutihan. Maging isang Muslim na may mga pagpapala ng Diyos." Sinabi ko sa doktor, "Sabihin mo sa marangal na Sultan na laging nangyayari na kapag may nagbabago sa kanyang relihiyon ang kanyang mga tao ay nilalapastangan siya at nagsasalita ng masama sa kanya. Kaya't, hinihiling ko kung maaari na magpadala upang dalhin ang mga Kristiyanong pari at mangangalakal ng lungsod na ito upang tanungin sila tungkol sa akin at pakinggan ang kanilang sasabihin. Pagkatapos sa kalooban ng Diyos, tatanggapin ko ang Islam." Sinabi niya sa akin sa pamamagitan ng tagasalin, "Tinanong mo kung ano ang hiniling ni Abdullah bin Salaam mula sa Propeta nang siya - si Abdullah ay dumating upang ipahayag ang kanyang pagyakap sa Islam." Pagkatapos ay ipinatawag niya ang mga pari at ilang mga negosyanteng Kristiyano at hinayaang maupo ako sa isang katabing silid na hindi nila nakikita. "Ano ang masasabi niyo tungkol sa bagong pari na dumating sa pamamagitan ng barko?" tanong niya. Sinabi nila: "Siya ay isang mahusay na iskolar sa aming relihiyon. Sinabi ng aming mga obispo na siya ang pinaka-natoto at walang hihigit sa kanya sa aming relihiyosong kaalaman." Matapos marinig ang sinabi ng mga Kristiyano, pinadala ako ng Sultan, at ipinakita ko ang aking sarili sa harap nila. Ipinahayag ko ang dalawang patotoo na walang sinumang karapat-dapat na sambahin maliban sa Diyos at si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala, ay ang Kanyang Sugo, at nang marinig ito ng mga Kristiyano ay tinawid nila ang kanilang mga sarili at sinabi: "Walang nag-udyok sa kanya upang gawin iyon maliban sa kanyang pagnanais na magpakasal, tulad ng mga pari sa aming relihiyon na hindi makapag-asawa." Pagkatapos ay umalis sila sa pagkabalisa at kalungkutan.

Nilaanan ako ng Sultan para sa akin ng isang-kapat ng isang dinar araw-araw mula sa kabang-yaman at hinayaan akong pakasalan ang anak na babae ni Al-Hajj Muhammed al-Saffar. Nang mapagpasyahan kong tuparin ang kasal, binigyan niya ako ng isang daang ginto na dinar at isang mahusay na pares ng damit. Tinapos ko ang kasal at binigyan ako ng Diyos ng isang anak na binigyan ko ng pangalang Muhammed bilang pagpapala mula sa pangalan ng Propeta."^[5]

Mga talababa:

- ^[1] Pagkatapos yakapin ang Islam, nakilala siya bilang Abu Muhammad bin Abdullah Al-Tarjuman. Tinawag siyang Al-Tarjuman (Ang Tagasalin), dahil sa wala pang limang buwan pagkatapos ng kanyang pagbabalik, hinirang siya ng Sultan bilang heneral ng Pangangasiwa ng Marine kung saan inaral niya ang

wikang Arabe at naging isang bihasang tagasalin sa mga talakayan sa pagitan ng mga Muslim at Kristiyano. Pagkaraan lamang ng isang taon, siya ay humusay sa wikang Arabe at hinirang bilang pinuno ng Pagsasalin. Kilalang-kilala siya sa mga karaniwang tao, na nagbigay sa kanya ng ilang kaaya-ayang mga palayaw; ang pinakapopular ay Sidi Tohfah, na nangangahulugang "*My Master Gift*", na tumutukoy sa kanyang sikat na libro.

[2] Tuhfat al-arib fi al-radd 'ala Ahl al-Salib sa Arabe. Ang libro ay isang malakas na pasabog sa istraktura ng paniniwala ng Kristiyano sapagkat isinulat ito ng isa sa mga pinakadakilang mga iskolar ng Kristiyano sa panahon.

[3] Kasunod ng pagpapakilala, isinulat niya ang isang pangyayari patungkol sa Hafsah State. Sinundan niya ang siyam na mga kabanata kabilang ang isa na nagpapakita na ang apat na mga ebanghelyo ay hindi isinulat ng mga alagad ni Hesus na karaniwang iniugnay nila. Tinalakay din niya ang iba pang mga paksa kabilang ang Binyag, Trinidad, Orihinal na Kasalanan, Hapunan ng Panginoon, Ang *Indulgence*, Ang Batas ng Pananampalataya. Itinanggi niya ang lahat ng mga doktrinang ito batay sa mga teksto ng mga Ebanghelyo at lohikal na pangangatwiran. Pinatunayan din niya ang kalikasan ng pagkatao ni Kristo at pinabulaanan ang kanyang di-umano'y banal na katangian. Pagkatapos ay inilantad niya ang mga pagkakasalungatan sa mga binagoo dinagdag na teksto ng Bibliya. Napag-usapan din niya ang mga bagay na pinuna ng mga Kristiyano tungkol sa mga Muslim, tulad ng pagpayag ng pag-aasawa para sa mga relihiyosong iskolar at mga relihiyosong lalaki, pagtutuli at pisikal na kasiyahan sa Paraiso. Tinapos niya ang kanyang libro sa pamamagitan ng pagpapatunay sa katotohanan ng Propetang si Muhammad gamit ang mga teksto mula sa Bibliya.

[4] Mga Barya na Pera

[5] Nakuha mula sa Materyal sa Katunayan ng Quran: Patunay na ito ay isang Pahayag mula sa Makapangyarihang Diyos ni Abdur-Raheem Greene.

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/52/si-anselm-tormeeda-pari-at-kristiyanong-iskolar-spain>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.